# Sigillum Dei Vivi

## Tatak Ng Diyos Na Buhay

*Ang natatanging panalangin na ito ay Kaloob ng Diyos Ama para sa proteksyon ng lahat ng Kanyang mga anak. Ibinigay ito noong ika-20 ng Pebrero, 2012, sa pamamagitan ng isang propeta na itinago sa pangalang Maria Divine Mercy*




*Ang lahat ng tatanggap ng Tatak na ito sa pamamagitan ng pagdarasal nito araw-araw ay mabibiyayaan ng proteksyon, kasama ng kanilang pamilya, sa lahat ng mga masalimuot na kaganapan bago ang Ikalawang Pagdating ni Kristo.*

Tanggapin mo ngayon ang Aking Tatak, ang Tatak ng Diyos na Buhay ng buong pag-ibig, kagalakan, at pasasalamat. (Krusada ng Panalangin #33)

O Diyos ko, mapagmahal kong Ama, tinatanggap ko ng buong pag-ibig at pasasalamat ang Iyong Mabathalang Tatak ng Proteksyon. Ang Iyong pagka-Diyos ay bumabalot sa aking katawan at kaluluwa magpakailanman. Ako ay yumuyuko sa Iyong Harapan ng may kababaang-loob bilang pasasalamat, at iniaalay ko ang aking marubdob na pag-ibig at katapatan sa Iyo, minamahal kong Ama. May pagmamakaawang hinihiling ko na protektahan Mo ako at aking mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng Natatanging Tatak na ito. At inihahandog ko ang aking buhay sa paglilingkod sa Iyo magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Pinakamamahal Kita aking Ama. Hangad kong aliwin Ka sa mga panahong ito Mahal kong Ama. Iniaalay ko sa Iyo ang Katawan, Dugo, Kaluluwa at Pagka-Diyos ng Iyong pinakamamahal na Anak para sa kapatawaran ng mga kasalanan ng mundo at kaligtasan ng lahat ng Iyong mga anak. Amen.

Humayo kayo, mga anak at huwag matatakot. Magtiwala kayo sa Akin, ang inyong Mahal na Ama, na lumikha sa bawat isa sa inyo ng buong pag-ibig. Kilala Ko ang bawat kaluluwa, bawat bahagi ng pagkatao nyo ay alam ko. Walang isa man sa inyo ang minahal Ko ng higit o kulang kaysa iba . Dahil dito, ayokong mawala kahit isa mang kaluluwa. Kahit isa. Ipagpatuloy ninyo ang pagdarasal ng Rosaryong Panalangin sa Mabathalang Awa (Divine Mercy Chaplet) araw-araw. Balang araw, maiintindihan nyo rin kung bakit ang paglilinis na ito ay kailangan.

Ang inyong Mapagmahal na Ama sa Langit,

*Diyos na Kaitaas-taasan*